

Ang newsletter para sa North Bay Community

[Aking Impormasyon ng Pakikipag-ugnayan:](#)

Ellen Sweigert, Consumer Advocate

Telepono: (707) 256-1208

600 Airpark Road Napa  
94558

[Ellens@nbrc.net](mailto:Ellens@nbrc.net)

Summer issue 2023

*Gaya ng isang parola na gumagabay sa mga barko, Ang ADVOCATOR Newsletter ay gumagabay sa ating NBRC Community nang sama-sama.*

## **Isang Mensahe para sa lahat ng Consumer**

Ang newsletter na ito ay isang oportunidad para sa lahat ng consumer na malaman ang maraming paraan para maging aktibo sa iyong pang-araw-araw na buhay at komunidad. Gusto kong idiin na ang newsletter na ito ay para sa IYO, na consumer. Kaya kung mayroon kang anumang mga mungkahi na gusto mong ibahagi sa akin, huwag mag-atubiling kontakin ako at ibahagi ang iyong mga ideya. Bilang Consumer Advocate para sa North Bay Regional Center, mahalagang ibahagi ang mga resource at impormasyon tungkol sa lahat ng kapana-panabik na bagay na nangyayari sa North Bay area. Sana ay magbigay sa iyo ang newsletter na ito ng impormasyon na makakatulong sa iyo na matuto pa tungkol sa kung paano ito gumagana sa North Bay Regional Center, pero gayundin kung paano ito gumagana sa ating komunidad. Tandaan lamang na isa kang mahalagang bahagi ng NBRC sa iyong komunidad.

## **Paano ako pipili ng tamang uri ng Programa sa Araw o Trabaho?**

Ang unang hakbang ay pag-isipan ang tungkol sa mga bagay na gusto mong matutunan, o gusto mo bang magkaroon ng mga kaibigan? Gusto mo bang kumita ng pera. Kausapin ang iyong service Coordinator at alamin ang mga opsyon na available, Baka makatulong na makapagpasya ka kung ano ang angkop sa kasalukuyan mong mga pangangailangan. At saka magpapasya ako kung ang mga tao at lugar ay ang hinahanap ko

## **Gusto mo bang malaman ang tungkol sa aming mga Vendor?**

Alam mo ba na maraming vendor ng NBRC ang siniserbisyuhan namin sa buong Napa, Solano, at Sonoma County? Ini-iskedyul ko na ang mga pagbisita sa ating mga komunidad at pagbisita sa kanila at pakikipagpulong sa mga consumer, para mas makilala sila at kung ano ang mahalaga sa kanila. Matutuwa akong malaman at marinig mula sa ating mga



*Ellen Sweigert, Consumer Advocate*

kasamahang consumer ang tungkol sa kung gaano sila nasisiyahan sa mga programang ito at marinig din ang mga bagay na magiging mas mabuti.

---

*"Walang sinuman ang maaaring magparamdam sa iyo na mas mababa ka nang wala ang iyong pahintulot."*

*Eleanor Roosevelt*

---

### **Sino sa North Bay Regional Center**

**Alam mo ba kung sino ang kakausapin sa aming mga vendor sa NBRC?**

Ang “Spotlight” sa buwan na ito ay nasa aming Quality Assurance Supervisor na si Katy Vanzant. Ang QA Unit sa NBRC n nakikipagtulungan sa lahat ng vendor ng NBRC at nagbibigay ng suporta sa kanila. Susubaybayan nila ang lahat ng programa sa NB Area upang ang mga serbisyo na kanilang ibinibigay ay nakasentro sa mga tao at layunin.

Dapat sumunod ang mga vendor sa mga regulasyon ng estado at pederal at nakikipagtulungan din sa community care licensing. Ang lahat ng organisasyon na ito ay sama-samang nagtatrabaho para masiguro na ang mga programa ay ligtas at nag-aalok ng pinakamahusay na serbisyo hangga't posible.



### **Narito ang ilan sa mga nakakatuwang bagay tungkol kay Katy**

- Ang unang trabaho ni Katy ay sa Diftwood gift shop sa Ocean City Maryland
- Nagtrabaho siya bilang Tagapagtanggol ng May Kapansanan sa loob ng 32 taon
- Ang kanyang paboritong palabas sa tv ay ang Golden Girls at Midsomer Murders
- Ang paborito niyang pagkain ay kahit anong pagkaing dagat
- Nagrerelaks siya sa pamamagitan ng paglalakad, paghahalaman, pagka-caming at pagyo-yoga.
- Ang pangunahin niyang pananagutan ay isulong ang pagpapahusay ng kalidad sa loob ng ating NBRC Community.

## **Payo ni Katy**

**“Maging Mabait”**



### **Panghuling Kaisipan at Mga Ideya**

- **Kahanga-hanga na ang ilan sa ating mga vendor ay sumali sa Buwanang Consumer Chat. Ang paggawa nito sa mga oras ng programa ay nagbibigay-daan sa mga consumer na sumali at ipakipag-usap ang tungkol sa ibinigay na mga paksa para sa bawat buwan.**
- **Ang susunod na Consumer chat ay sa ika<sup>28</sup> sa ganap na 1:00 Pm**  
**<https://us02web.zoom.us/j/86024731268?pwd=0HJnL3BZUm1mTk8xNVI5Y3h2eWx3dz09>**
- **Ang susunod na Clients Advisory Committee ay sa Hunyo ika<sup>23</sup> kasama ang Zoom link**  
**( <https://us02web.zoom.us/j/81748294894?pwd=3wf5xDwb3FXUtEqwhTJFLlailCu59C.1> )**
- **Ang impormasyon para makapag-log in ay Meeting ID: 817 4829 4894**  
**Passcode: 062299**

**Sana ay maging masaya ang inyong Summer at mag-enjoy sa mainit na panahon!**

**Ang inyong Tagapagtanggol,**

*Ellen*